PAGLABAS NG BALITA

Mike McGinn, Alkalde
Christopher Williams, Gumaganap na Superintendente

Para sa Kaagad agad na Paglabas Oktubre 28, 2013

Kontakin si: Karen O'Connor (206) 684-7241
email karen.o'connor@seattle.gov

Ang Seattle Parks Legacy Plan Citizens Committee Ay magdadaos ng isang pampublikong pagdinig (hearing)

Ang Parks Legacy Citizens Advisory Committee, itinakda upang isaalang-alang ang kinabukasan ng mga pagpipilian ng pagpopondo ng Seattle Parks and Recreation, ay nag-iimbita sa komunidad sa isang pampublikong pagdinig sa Huwebes, Nob. 7, 2013 simula sa 6 ng gabi sa Miller Community Center.

Ang Seattle Parks and Recreation ay nag-isyu ng isang espesyal na imbitasyon sa mga immigrant (pandarayuhan), refugees (taong tumakas sa sariling bansa), people of color (mga taong may kulay) at iba pang magkakaiba na mga komunidad upang dumalo at magsalita sa pampublikong pagdinig na ito. Opinyon (input) mula sa mga komunidad na ito ay lubos na mahalaga sa pagbuo ng isang napapabilang na kinabukusan para sa mga pampublikong parke ng Seattle at mga paglilibang na mga programa.

Nitong nakaraang tag-init, bilang parte ng outreach (pag-abot sa mga mahirap/malayong abutin) na pagsisikap ng Parks, ang Race and Social Justice Initiative (RSJI) Change Team ng departamento ay gumanap ng outreach (pag-abot sa mga mahirap/malayong abutin) upang tipunin ang opinyon (input) mula sa mga komunidad na ayon sa kasaysayan na walang masyadong pagkakinatawan.

Ang layunin ng Change Team ay ang gumawa ng mga oportunidad para sa opinyon (input) ng mga komunidad na maaaring hindi nakasali sa nakaraang pagplano na mga proseso. Sa pamamagitan ng pagpunta sa mga lugar kung saan nagtatagpo ang mga komunidad, nakikipagsosyalan at namumuhay, ang Change Team ay nakapagdala ng lubos na panibagong koro ng mga boses sa proseso.

Mayroong kasalukuyang 37 na mga inisyatibo sa pamumuhunan (mga rekomendasyon sa pagpondo) na iminumungkahi para isali sa isang hinaharap na parke na pagpopondo panukat ng balota. Ang inisyal na pagkakauna ng 37 na iminumungkahing mga inisyatibo sa pamumuhunan ay nangyari sa tatlong subcommittees (maliliit na komite): Existing Programs and Services (Nananatiling mga Programa at Mga Serbisyo), New Programs and Services and Partnerships (Bagong mga Programa at mga Serbisyo at

mga Pagkakasosyo). Sa panahon ng Nobyembre at Disyembre, ang mga listahan ng subcommittee (maliliit na komite) sa dapat unahin ay pag-iisahin sa iisang listahan ng uunahin ng buong Legacy Committee.

Ang mga halimbawa ng mga inisyatibo sa pamumuhunan na uunahin ng Existing Programs and Services na subcommittee ay ang pagpapanatili ng parke at mga programa sa senter pangkomunidad para sa mga nakakatanda at mga tinedyer. Mga halimbawa ng mga inisyatibo sa pamumuhunan na uunahin ng New Programs na subcommittee ay ang paggawa ng mga bagong parke at mga programa at pagpapabuti ng kaligtasan sa parke. Ang Partnership na subcommittee ay nagtrabaho upang unahin ang pagkuha ng pondo kasama ang mga ahensya ng siyudad at mga organisasyong samahang hindi pangkalakalan (non-profit) tulad ng Zoo at Aquarium.

Karagdagan pa ang Committee ay duminig ng mga presentasyon sa iba't-ibang posible na mekanismo ng pagpondo tulad ng pangmaiksing panahon, pangmatagalang panahon at permanenteng mga buwis at distrito na pang siyudad na parke. Pag-didiskusyunan din ng Committee ang mga opsyon na ito nang mas madetalye. Bago mangyayari iyan, nais ng Committee na makarinig ng mga komentaryo galing sa mga tao ng Seattle.

Ang pampublikong pagdinig sa Nob. 7 ay ang pagkakataon ng lahat ng mga komunidad upang sumali sa kinabukasan ng Seattle Parks. Kinakailangan na makarinig ang Parks Legacy Citizens Advisory Committee mula sa mga immigrant (pandarayuhan) at mga refugees (taong tumakas sa sariling bansa), people of color (mga taong may kulay), at iba pang magkakaiba na mga komunidad habang sila ay sumusulong sa pagpili kung ano ang uunahing mga inisyatibo para masama sa mga pagbobotohan sa 2014.
Impormasyon ukol sa trabaho ng Legacy Committee ay nasa web sa:
http://www.seattle.gov/parks/legacy/committee.htm

Ang Seattle Parks at Recreation ay nangangasiwa ng 6,200 –hektarya na sistema ng parke na may 465 na parke at malawak na mga pangkalikasang lugar. Ang mga parke ay nagbibigay ng pang-atletang mga palaruan, mga laruan ng tennis, mga dakong lugar na paglalaruan, espesyalidad na mga hardin, at mahigit sa 25 na milya ng mga bulebar o maluwang na kalsada at 120 na milya ng mga daanan o trails. Ang Parks ay nangangasiwa rin ng maraming pasilidad, kasama rito ang 26 na senter pangkomunidad, walong pangloob na palanguyan, apat na senter para sa edukasyon ukol sa kapaligiran, dalawang maliit na senter para sa likhain ginagamitan ng kamay o craft, apat na laruan ng golp, isang panglabas na istadyum at marami pang iba. Humihingi ang Citizens Advisory Committee ng inyong opinyon (input) sa pagpili kung ano ang uunahin sa pagpondo sa mga pangmalawakang serbisyo na ito at mga pasilidad.

Linikha ng Alkalde at ng Konseho ang komite upang repasuhin ang dibuhong plano na Parks Legacy Plan (http://www.seattle.gov/parks/legacy) at upang magbigay ng mga pagpipilian para sa pagpondo sa mga pamamahala at pagpapanatili, paggawa at pagtamo ng mga parke at mga panglibangan na mga pasilidad at programa. Maaring i-download mula sa website ng proyekto ang binagong edisyon ng *Parks Legacy Plan: Draft Goals and Strategies*. Makukumpleto ng Committee ang kanyang panimulang mga rekomendasyon sa Alkalde at Konseho pagdating ng Disyembre 2013.

Ang mga miyembro ng Committee ay sina: Barbara Wright, Co-Chair; Charlie Zaragoza, Co-Chair; Thatcher Bailey; Steve Daschle; Juli Farris; Bill Farmer; Thomas Goldstein; Jessie Israel; Diana Kincaid; Michael Maddux; Brice Maryman; Yalonda Gill Masundire; Mustapha Math; David Namura; at saka si Erika Nuerenberg-Melroy.

Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita
ang http://www.seattle.gov/parks/legacy/committee.htm.

Para sa espesyal na kinakailangan sa pulong o mga pagsasalin sa wika na serbisyo sa pulong maaaring makipag-ugnay kay Susanne Rockwell
sa susanne.rockwell@seattle.gov o 206-733-9702.

# # #